# BIBLE STUDY

## Lukas 14:12-24

**August 20-26**

Pagtuklas  Pag-unawa  Pagtugon

# MAHALAGANG
# PRINSIPYO SA BUHAY

## Lukas 14:12-24



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)



12 Sinabi naman ni Jesus sa nag-anyaya sa kanya,
“Kapag naghahanda ka ng isang salu-salo, huwag ang
iyong mga kaibigan, mga kapatid, mga kamag-anak o
mayayamang kapitbahay ang aanyayahan mo, dahil
aanyayahan ka rin nila at sa gayon ay susuklian ang
iyong ginawa. 13 Subalit kapag ikaw ay maghahanda,
anyayahan mo ang mga mahihirap, mga lumpo, mga
pilay, at mga bulag.

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

14 Kapag ganito ang ginawa mo, pagpapalain ka, dahil
hindi man nila masuklian ang ginawa mo, ang Diyos
ang magbibigay sa iyo ng gantimpala sa muling
pagkabuhay ng mga matuwid."

**Ang Talinghaga ng Malaking Handaan**

15 Narinig ito ng isa sa mga kasalo niya roon, at sinabi
sa kanya, "Pinagpala ang makakasalo sa hapag sa
kaharian ng Diyos!"

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

16 Sumagot si Jesus, “Isang lalaki ang naghanda ng
isang malaking salu-salo, at marami siyang
inanyayahan. 17 Nang dumating ang oras ng handaan,
inutusan niya ang kanyang alipin at ipinasabi sa mga
inanyayahan, ‘Halina kayo, handa na ang lahat!’ 18
Ngunit nagdahilan silang lahat. Ang sabi ng una,
‘Nakabili ako ng bukid at kailangan ko itong puntahan.
Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin sa akin.’

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

19 Sinabi naman ng isa, ‘Nakabili ako ng limang
magkapares na baka at kailangang masubukan ko sa
bukid ang mga iyon. Kayo na sana ang bahalang
magpaumanhin sa akin.’ 20 Sinabi naman ng isa, ‘Ako'y
bagong kasal, kaya't hindi ako makakadalo.’

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

19 Sinabi naman ng isa, ‘Nakabili ako ng limang
magkapares na baka at kailangang masubukan ko sa bukid
ang mga iyon. Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin
sa akin.’ 20 Sinabi naman ng isa, ‘Ako'y bagong kasal, kaya't
hindi ako makakadalo.’

21 “Bumalik ang alipin at ibinalita ito sa kanyang
panginoon. Nagalit ang panginoon at sinabi sa alipin,
‘Pumunta ka kaagad sa mga lansangan at sa makikipot na
daan ng lungsod at isama mo rito ang mga mahihirap,
mga lumpo, mga bulag, at mga pilay.’

# Lukas 14:12-24

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

22 Pagkatapos sinabi ng alipin, ‘Panginoon, nagawa ko na
po ang iniutos ninyo, ngunit marami pang bakanteng
upuan.’ 23 Kaya't sinabi ng panginoon sa alipin, ‘Pumunta
ka sa mga lansangan at sa mga daan, at pilitin mong
pumarito ang sinumang makita mo upang mapuno ang
aking bahay. 24 Sinasabi ko sa inyo, isa man sa mga unang
inanyayahan ay hindi makakatikim ng aking handa!’”

# MAHALAGANG
# PRINSIPYO SA BUHAY

“Akoy magiingat na hindi hayaan ang aking mga relasyon, career, at iba pang personal na prayoridad na masapawan ang aking relasyon sa Diyos.”

# Pagtuklas

Lukas 14:12-24

1

Anong payo ang ibinigay ni Jesus sa host tungkol sa kung sino ang dapat imbitahin kapag naghahanda o nagpapakain, at ano ang kanyang dahilan (v.12-14)?

## Pagtuklas

Lukas 14:12-24

# 2

Sa kuwento na ibinahagi ni Jesus, ang mga orihinal na inimbitahan sa handa ay hindi dumating. Ano ang ilang mga dahilan na ibinigay?

# Pagtuklas 3

Lukas 14:12-24

Sino ang nagdiwang sa kanyang bahay sa huli (vs. 21-23)?



# Pag-unawa 1

Lukas 14:12-24

Madalas gumamit si Hesus ng mga parabula para maibahagi ang tungkol sa Kaharian ng Diyos. Anong mga metapora ang makikita sa parabulang ito? Sino ang mga tinutukoy na pangunahing tauhan sa kuwento?



# Pag-unawa 2

Lukas 14:12-24

Anong mga modernong katumbas ang maaring mo bang banggitin para sa mga dahilan sa parabula ni Jesus? Hindi ba makatuwirang mga dahilan ito?



# Pag-unawa 3

Lukas 14:12-24

Sa parabula, bakit kaya galit ang amo nang matanggap niya ang balita na hindi darating ang mga inimbitahan niya at ang mga dahilan na kanilang binigay? Hindi ba valid ang mga dahilan? Anong punto ang gustong iparating ni Hesus sa parabulang ito?



# Pagtugon 1

Lukas 14:12-24

Maari mo bang tukuyin ang mga bahagi ng iyong buhay kung saan ang ilang mga alalahanin ay masnabibigyang halaga kaysa sa espiritwal na paglago? Paano mo maipapakita na inuuna mo ang Kaharian ng Diyos?



# Pagtugon 2

Lukas 14:12-24

Paano maiiwasang balewalain ang mga biyayang meron tayo bilang mga anak ng Diyos, hindi maging walang malasakit, o magkaruon ng pakiramdam na sobrang may karapatan (sense of entitlement)?

# Pagtugon 3

Lukas 14:12-24

May kasabihan na "ang pagiging kasama ang Diyos" ay mas maganda o mabuti kaysa sa "ang paggawa para sa Diyos." Kumusta ang balanse sa pagitan ng iyong araw-araw na pakikipaglakad sa Diyos at sa iyong ministry? Ano ang pwede mong gawin para mapabuti?

# MAHALAGANG
# PRINSIPYO SA BUHAY

"Akoy magiingat na hindi hayaan ang aking mga relasyon, career, at iba pang personal na prayoridad na masapawan ang aking relasyon sa Diyos."

# MAHALAGANG
# PRINSIPYO SA BUHAY

Lukas 14:12-24



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

# BIBLE STUDY

Lukas 14:12-24

**See You Next Week!**

Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584